



Sofbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

GAYAHIN ANG PROPETA MUHAMMAD SALLALLAHU ALAYHI WA SALLAM

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Authu Billahi Minash-shaitanir Rajim. Bismillahir Rahmanir Rahim.

لَقَدْ كَانَ لَكُمْ فِي رَسُولِ اللَّهِ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ

“Laqad kana lakum fi Rasulillahi uswatun hasana.” (Sura Ahzab:21)Sabi ng Allah Azza wa Jalla “The Messenger of Allah is a beautiful example for you.” Napakagandang halimbawa ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam para sa atin. Ika’y aangat ,makakaabot ng mataas na katayuan at magkakaroon ng karangalan kapag siya’y iyong ginaya.

Ngunit di na siya ang ginagaya ng mga tao, ang kanilang mga ginagaya ay ay ang mga di dapat gayahin o sundan. Sino ang mga ito? Ang Kanluran ang kanilang nais gayahin. Sa paglipas ng 150 hanggang 200 taon, ang Shaytan na ito ay unang sinakop ang ilang antas ng mga tao bago ito kumalat sa buong bansa. Kung anumang walang halagang bagay man ay nagmumula sa kanluran.

Iniiisip nila na sila’y nakatataas. Iniiisip nila na sila’y dapat kainggitan. Kahit ang kanilang Adab o pag-uugali at pamumuhay ay di man lang maganda o mabuti. Kahit iyong tignan pa ang iba’t ibang kadahilanan, sila’y di dapat kainggitan. Maaaring mayroon silang Sistema, ilang magagandang gawain pero ito’y di natin gagayahin. Ang nais ng shaytan ay magaya natin ang masasamang gawain nila. Ito ang tinuturo ng shaytan.



Sofbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Kaya ito ang katayuan ng mga tao ngayon, umalis sila sa kabutihan. Ang kabutihan na dapat sana'y hinahangad, pero sila'y nakatingin sa nakakasama, ang di dapat kainggitan. Kinuha nila ang mga masasamang pag-uugali at haimbawa. Kaya dapat magising ang mga tao at alamin ang kanilang halaga. Ipaalam mo sa kanila ang dakilang karangalan at biyaya na binigay ng Allah.

Alhamdulillah na nabilang tayo sa Ummah ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ginawa niya tayong Muslim. Walang karangalan ang hihigit dito at wala ng ibang nakakainggit pa maliban dito. Isa lang ang dapat kainggitan, ito ang daan ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Kapag mas lalong sumunod ka sa daan at yapak niya, ika'y mas aangat. Kapag ika'y malayo sa kanyang daan o yapak, mas babagsak ka at mawawalan ng halaga. Kahit gaano pa kababang halaga ay mawawalan ka. Tutulungan ka lamang ng Allah kapag nagbalik loob ka sa daan ng katotohanan. Bibigyan ka niya mula sa kanyang biyaya. Iaangat ka niya, tutulungan ka. Pero kapag umalis ka sa landas niya, mas maraming kasamaan pa ang darating sayo. Kaya dapat natin alamin ang halaga nito.

Ang biyayang ito ay di matutumbasan. Ito'y ating ipagpasalamat kahit gaano man kaliit. Ipagpasalamat natin ang mga biyaya sa atin. Di natin kayang maisip ang dami at halaga ng biyaya ng Allah. Magpasalamat tayo sa kanya. Nawa'y mabilang tayo sa mga nagpapasalamat sa mga biyaya at halaga nito In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
10 January 2017/12 Rabiul Akhir 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah